

# Pagsunod kay Jesus sa PERU

KILALANIN SI RAFAEL!



## Tungkol kay Rafael

**EDAD:** 6

**MULA SA:** Probinsiya ng Lima, Peru

**WIKA:** Espanyol

**MGA MITHIIN AT PANGARAP:** 1) Maging arkitekto at bumbero. 2) Magmimisyon. 3) Matuto ng Ingles.

**PAMILYA:** Sina Rafael, Inay, Itay, kapatid na sanggol, at lolo't lola





## Paano Sinusunod ni Rafael si Jesus

Mahal ni Rafael ang kanyang lola-sa-tuhod na si Mimi. Madalas silang bisitahin ni Mimi sa kanilang tahanan. Nakatira ang pamilya ni Rafael sa ikalawang palapag, at bulag si Mimi. Kaya kapag bumibisita si Mimi, lagi siyang tinutulungan ni Rafael na umakyat sa hagdan.

"Masaya ako kapag tinutulungan ko si Mimi dahil nalalaman niya na mahal na mahal ko siya," sabi ni Rafael.

Sa simbahan, mahilig magbigay si Rafael ng mga himnaryo sa mga bisita para makasabay sila sa pagkanta. "Ngumingiti si Jesucristo kapag gumagawa ako ng mabuti," sabi ni Rafael. ●

MGA LARAWANG-GUHIT NI COREY EGBERT



### Maaari Mo ring Sundin si Jesus!

Maraming paraan para masunod si Jesus. Paano ka sumusunod sa Kanya? Isulat at ikuwento sa amin!

## Mga Paborito ni Rafael

**KUWENTO SA BANAL NA KASULATAN:** Pinagagaling ni Jesus ang lalaking bulag



**LUGAR:** Tabing-dagat



**PRUTAS:** Mga mansanas



**KULAY:** Asul



**SUBJECT SA PAARALAN:** Sining

